COUNTY NG SAN MATEO

BUOD NG MODELONG ORDINANSA SA DISPOSABLE NA FOOD SERVICE WARE

Na-update noong Enero 2023

FOODWARE AWARE

REUSE. CHOOSE. REFUSE.

OFFICE OF SUSTAINABILITY

COUNTY OF SAN MATEO

Para sa Kinabukasang Walang Plastic!
Impormasyon para sa Mga Pasilidad ng Pagkain

Layunin ng **Modelong Ordinansa sa Disposable na Food Service Ware** (Ordinansa) na bawasan ang basura sa ating kapaligiran at ang kalat sa ating mga ilog at dagat, protektahan ang pampublikong kalusugan, at bawasan ang pagdepende natin sa plastic. Nalalapat ang Ordinansa sa mga pasilidad ng pagkain na nag-o-operate sa **mga unincorporated na lugar sa County ng San Mateo** at sa **mga lungsod sa county** na nagpapairal nito.

GUMAMIT NG MGA REUSABLE!

Inirerekomenda: Gumamit ng reusable sa halip na disposable na foodware.

- Gumamit ng mga reusable na gawa sa metal, ceramic, at glass para sa dine-in. May **libreng teknikal at pinansyal na tulong** na makakatulong sa iyong lumipat sa mga reusable para sa dine-in!
- Hikayatin ang mga consumer na magdala ng kani-kanilang reusable na pang-take out na lalagyan.
- Pag-isipang gumamit ng mga serbisyo sa foodware na nagbibigay ng mga reusable para sa dine-in at take-out.

PUMILI NG FIBER-BASED!

Kinakailangan: Gumamit ng natural na fiber-based na compostable na materyales (hal., papel, tubo, kawayan, atbp.).

- Kinakailangan para sa mga disposable na pinggan, mangkok, baso, food tray/boat, clamshell, kahon, at iba pang lalagyan. Wala dapat PFAS ang mga item na ito na gawa sa fiber. Okay lang ang compostable na plastic na **lining (lang)** para sa mga item sa itaas, pero naaprubahan dapat ng Biodegradable Products Institute, Compost Manufacturing Alliance, o ng iba pang 3rd party na naaprubahan ng County ang mga ito.
- Kinakailangan para sa mga sumusunod na disposable na side item (na tinatawag ding mga accessory) at packaging ng mga ito, kung mayroon: mga straw, stirrer, kubyertos, cocktail/toothpick.

UMIWAS SA PLASTIC!

Hindi Pinapayagan: Paggamit ng plastic para sa karamihan ng disposable na foodware.

- Hindi pinapayagan ang disposable na foodware na gawa sa tradisyonal na plastic (petroleum-based) o compostable na plastic (na tinatawag ding bioplastics, PLA, atbp.).
- Ipinagbabawal ang [polystryene na foodware (lahat ng plastic sa #6 at Styrofoam).
- Magbigay lang ng mga accessory kapag may humingi at/o sa mga dispenser na paisa-isa lang mag-dispense ng item. Pinapayagan ang mga nire-refill na disperser ng condiment.
- Hindi puwedeng i-bundle ang mga accessory.

Ano ang layunin ng Ordinansa sa Disposable na Food Service Ware?

1 **Bawasan ang mga plastic na iisang gamitan lang at ang iba pang basurang dulot ng foodware**

2 **Pabutihin ang kalusugan at kaligtasan ng mga miyembro ng ating komunidad**

3 **Panatilihing malinis at ligtas ang ating mga daluyan ng tubig**

Sino ang maaapektuhan?

Malalapat ang Ordinansang ito sa **mga pasilidad ng pagkain** na:

1. Nag-o-operate sa **mga unincorporated na lugar** sa County ng San Mateo at sa **mga lungsod sa county** na nagpapairal sa Ordinansa sa Disposable na Food Service Ware (Ordinansa) ng County ng San Mateo (County); at
2. Naghahatid ng **nakahanda nang pagkain** sa pangkalahatang publiko.

Pasilidad ng Pagkain: Sa pangkalahatan, isang entity na mayroong may bisang permit sa kalusugan sa County para sa pamamahagi ng pagkain at mga inumin sa publiko. Ang mga halimbawa ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga restaurant, mobile na food truck, pansamantalang pasilidad ng pagkain (hal., mga street fair, festival, atbp.), farmers' market, catering, pribadong paaralan, at iba pang operation.

Nakahanda nang Pagkain: na tinatawag ding ready-to-eat na pagkain. Mga pagkain at inumin na inihahanda on-site sa pasilidad ng pagkain gamit ang anumang diskarte sa pagluluto o paghahanda ng pagkain (hal., paghahalo, pag-iinit, pag-blend, paghihiwa, pag-portion, atbp.).

Para sa listahan ng mga hurisdiksyon sa County ng San Mateo na nagpapairal sa Ordinansa ng County, bumisita sa: https://www.smcsustainability.org/food-ware#start-dates

Anong mga item ang maaapektuhan?

Tumutukoy ang **disposable na foodware** sa mga item na minsanan lang ginagamit/limitado lang ang paggamit, na nauugnay sa mga pagkain at inumin. Ito ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga mangkok, pinggan, clamshell, baso, straw, kubyertos, napkin, stirrer, tooth/cocktail pick, condiment packet, cup sleeve, atbp.

Ano'ng pinapayagan?

1. Ang mga pasilidad ng pagkain ay puwede lang mamahagi ng mga disposable na **accessory** gaya ng mga straw, stirrer, kubyertos, condiment packet, atbp.:

NA-UPDATE

   - Kapag humingi ang consumer, at/o
   - Gamit ang mga dispenser na paisa-isa lang mag-dispense ng item.

   Sa mga drive-thru at paliparan **lang** puwedeng **mag-alok** ang mga pasilidad ng pagkain sa mga consumer ng mga disposable na accessory.

   Dapat mag-alok ang mga pasilidad ng pagkain na gumagamit ng mga online na serbisyo sa pagpapa-deliver ng take-out na pagkain ng mga opsyon para makahingi ang mga customer ng bawat uri ng accessory (hal., tinidor, straw, napkin, atbp.) at condiment (hal., ketchup, asukal, atbp.).

   Puwedeng gumamit ang mga pasilidad ng pagkain ng mga nire-refill na maramihang dispenser para sa mga condiment.

2. Gawa dapat ang sumusunod na disposable na foodware sa **hindi plastic, compostable, at natural na fiber-based** na materyales gaya ng papel, tubo, stalk/tangkay ng wheat, kahoy, dayami, atbp.
   - **Apat na Accessory:** Mga straw, stirrer, kubyertos cocktail/toothpick (at kung nakabalot, ang kaukulang packaging ng mga ito).
   - **Mas Malaking Foodware:** Mga pinggan, mangkok, baso, food tray/boat, clamshell, kahon, deli container, at iba pang lalagyan. Compostable na plastic (lang) ang puwedeng gawing liner sa mga item na ito, pero naaprubahan dapat ng Biodegradable Products Institute (BPI), Compost Manufacturing Alliance (CMA), o ng iba pang 3rd party na naaprubahan ng County ang mga ito.
3. Para sa lahat ng iba pang disposable na foodware na hindi nakalista sa #2 sa itaas, dapat gamitin ang mga item na tinatanggap ng mga programa sa lokal na recycling at composting ng pasilidad ng pagkain.

Ano'ng hindi pinapayagan?

4. Ang **"Apat na Accessory"** at **"Mas Malaking Foodware"** na nakalista sa #2 sa itaas ay hindi puwedeng plastic, tradisyonal (petroleum-based) o compostable (na tinatawag ding bioplastics, PLA, atbp.) man. Hindi rin pinapayagan ang polystyrene na foodware (lahat ng plastic sa #6 at Styrofoam).
5. Hindi pinapayagan ang **mga per- and poly-fluoroalkyl substance** (PFAS) sa **"Mas Malaking Foodware"** na nakalista sa #2 sa itaas.

BAGO

Simula sa 1/1/23, ilalapat ng Estado ang kinakailangang ito sa **LAHAT** ng disposable na foodware na gawa sa fiber, pati sa mga accessory at food contact paper (hal., mga wrap, bag, tray liner, atbp.).

6. Hindi puwedeng i-bundle ang mga disposable na accessory. Hiwalay dapat na ipamahagi ang mga item na ito (hal., ang bawat tinidor, kutsara, straw, condiment, atbp.).

BAGO

7. Hindi na pinapayagan ang mga nakabukas na lalagyan/bin na may mga disposable na accessory kung saan puwedeng kumuha ang mga consumer.

Mga Pagbubukod sa Ordinansa

- Pinapayagan ang disposable na foodware na gawa sa aluminum at glass.
- Sa mga hihinging consumer lang, na may mga medikal na pangangailangan, puwedeng magbigay ng mga disposable na plastic na straw. Puwedeng mamahagi ang mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ng mga disposable na plastic na straw nang hindi humihingi ang mga pasyente.

Mga karagdagang kinakailangan na partikular sa lungsod

May ilang lungsod rin sa county na nagpapairal sa Ordinansa ng County na nagsama ng ilang karagdagang kinakailangan para sa mga pasilidad ng pagkain na nag-o-operate sa kani-kanilang hurisdiksyon.

HALF MOON BAY

- Simula sa Hunyo 1, 2023, kinakailangan ang reusable na foodware para sa mga on-premises na pag-dine. NA-UPDATE
- Magbibigay **lang** ng mga disposable na accessory kapag may humingi.

DALY CITY

- Kung praktikal, dapat magbigay ang mga pasilidad ng pagkain ng reusable na foodware kapalit ng disposable na foodware.

PACIFICA

- Simula sa 6/1/23, dapat gumamit ang mga pasilidad ng pagkain ng reusable na foodware para sa dine-in, maliban sa mga straw, stirrer, cocktail stick/pick, toothpick, napkin, wrapper, at liner, basta't fiber-based at compostable ang mga ito.

Para sa impormasyon tungkol sa mga karagdagang kinakailangan ng iba pang lungsod sa County ng San Mateo, bumisita sa: https://www.smcsustainability.org/food-ware#start-dates

Pagpapatupad at iskedyul

Ipapatupad ng **Tanggapan para sa Sustainaibility ng County** ang mga bagong kinakailangan sa mga unincorporated na lugar sa County ng San Mateo at sa mga lungsod na nagpapairal sa Ordinansa ng County.

Hiwalay na ipapatupad ng mga indibidwal na lungsod ang mga karagdagang kinakailangan na partikular sa lungsod na nakabuod sa berdeng textbox sa itaas.

Pakitingnan ang sumusunod na website para sa **mga petsa ng pagsisimula ng pagpapatupad** para sa mga hurisdiksyon sa County ng San Mateo na nagpatupad na sa Ordinansa ng County:

https://www.smcsustainability.org/food-ware#start-dates

Mga resource para sa mga pasilidad ng pagkain

- **Pinansyal at teknikal na tulong sa paglipat sa reusable na foodware mula sa disposable na foodware.**
- **Teknikal na tulong na makakatulong sa pagtugon sa mga bagong kinakailangan.**
- **Gabay sa Pagbili na may impormasyon tungkol sa mga naaprubahang disposable na foodware at available na vendor.**
- **Iba't ibang karatula, window cling, at gabay sa pagsasanay ng empleyado na may impormasyon tungkol sa mga kinakailangan.**

Available ang lahat ng resource sa website ng programa: https://www.smcsustainability.org/food-ware/facilities/

May mga tanong?

www.smcsustainability.org/food-ware foodware@smcgov.org (888) 442-2666